

FHA-HAMP Promissory Note ng Partial Claim at Subordinate Mortgage ng Partial Claim

Num. Kaso sa FHA _____

PROMISSORY NOTE

[Petsa]

(Address ng Ari-arian)

1. MGA PARTIDO

Ibig sabihin ng "Borrower" ang bawat taong lumalagda sa dulo ng Kasulatan na ito, at ang mga kahalili at itinalaga ng tao. Ibig sabihin ng "Kalihim" o "Lender" ang Kalihim ng Pabahay at Pag-unlad ng Lungsod at mga kahalili at itinalaga nito.

2. PANGAKONG PAGBABAYAD NG BORROWER

Bilang kapalit sa loan na natanggap mula sa Lender, nangangako ang Borrower na babayaran ang prinsipal na halaga ng

_____ Dolyar (U.S. \$ _____), ayon sa utos ng Lender.

3. NAKASEGURO ANG PANGAKO NA MAGBAYAD

Nakaseguro ang pangako ng borrower na magbayad sa pamamagitan ng sangla, deed of trust o katulad na instrumento ng seguridad na may petsang kapareho ng petsa ng Kasulatan na ito at tinatawag na "Instrumento ng Seguridad." Pinoprotektahan ng Instrumento ng Seguridad ang Lender mula sa mga pagkalugi, na maaaring magresulta kapag ang Borrower ay mag-default sa ilalim ng Kasulatan na ito.

4. PARAAN NG PAGBABAYAD

(A) Oras

Sa _____, [ipasok ang petsa ng pag-mature ng nakasegurong pangunahing sangla] o, kung mas maaga, kapag nangyari ang una sa mga sumusunod na pangyayari:

- (i) Nabayaran nang buo ng borrower ang lahat ng halagang dapat bayaran sa ilalim ng pangunahing Kasulatan at nauugnay na sangla, deed of trust o katulad na mga Instrumento ng Seguridad na isineguro ng Kalihim, o
- (ii) Ang petsa ng pag-mature ng pangunahing Kasulatan ay pinabilis, o
- (iii) Ang pangunahing Kasulatan at kaugnay na sangla, deed of trust o katulad na Instrumento ng Seguridad ay hindi na isineguro ng Kalihim.

(B) Lugar

Ang pagbabayad ay dapat gawin sa Tanggapan ng Pabahay FHA-Comptroller, Direktor ng Mortgage Insurance Accounting and Servicing, 451 Seventh Street, SW, Washington, DC 20410 o anumang iba pang lugar na maaaring italaga ng Lender nang nakasulat sa pamamagitan ng abiso sa Borrower.

5. KARAPATAN NG BORROWER NA MAGPAUNANG-BAYAD

May karapatan ang borrower na bayaran ang utang na pinatutunayan ng Kasulatan na ito, sa kabuuan o bahagi, nang walang bayad o multa. Kung ang Borrower ay gagawa ng isang bahagyang paunang pagbabayad, walang mga pagbabago sa takdang petsa o sa halaga ng buwanang pagbabayad maliban kung ang Lender ay sumang-ayon nang nakasulat sa mga pagbabagong iyon.

6. MGA WAIVER

Ang borrower at sinumang ibang tao na may mga obligasyon sa ilalim ng Kasulatan na ito ay isinusuko ang mga karapatan o presentment at abiso ng kahihyan. Ibig sabihin ng “Presentment” ang karapatang hilingin sa Lender na humingi ng pagbabayad ng mga halagang dapat bayaran. Ang ibig sabihin ng “Notice of dishonor” ay ang karapatang hilingin sa Lender na magbigay ng abiso sa ibang tao na ang mga halagang dapat bayaran ay hindi pa nababayaran.

7. OBLIGASYON NG MGA TAO SA ILALIM NG KASULATAN NA ITO

Kung higit sa isang tao ang lumagda sa Kasulatan na ito, ang bawat tao ay ganap at personal na obligado na tuparin ang lahat ng mga pangakong ginawa sa Kasulatan na ito, kabilang ang pangako na babayaran ang buong halagang dapat bayaran. Ang sinumang tao na isang guarantor, surety o tagapag-endorso ng Kasulatan na ito ay obligado ding gawin ang mga bagay na ito. Sinumang tao na kukuha sa mga obligasyong ito, kabilang ang mga obligasyon ng isang guarantor, surety o tagapag-endorso ng Kasulatan na ito, ay obligado ding tuparin ang lahat ng mga pangakong ginawa sa Kasulatan na ito. Maaaring ipatupad ng tagapagpahiram ang mga karapatan nito sa ilalim ng Kasulatan na ito laban sa bawat tao nang paisa-isa o laban sa lahat ng magkakasamang lumagda. Maaaring kailanganin ng sinumang tao na lumagda sa Kasulatan na ito na bayaran ang lahat ng halagang dapat bayaran sa ilalim ng Kasulatan na ito.

SA PAMAMAGITAN NG PAGLAGDA SA IBABA, tinatanggap at sinasang-ayunan ng Borrower ang mga tuntunin at tipan na nakapaloob sa Kasulatan na ito.

_____ (SELYO)
Borrower

_____ (SELYO)
Borrower

Mga Tagubilin sa Form ng Modelo ng Subordinate Mortgage para sa Mortgage Form ng Partial Claim

Wika na Nangunguna sa Magkakatulad na Tipan

Ito ay isang Model Subordinate na Form ng Sangla. Dapat suriin ng mga mogedyi ang form na ito at gumawa ng mga pagbabago kung kinakailangan upang umangkop sa mga naaangkop na pederal, estado, at lokal na mga kinakailangan.

Magkakatulad na Tipan

Ang mga talata 1-6 ay dapat magkaroon ng pamagat na "Magkakatulad na Tipan." Ang teksto ng Mga Talatang ito ay dapat gamitin gaya ng ipinakita sa Form ng Model Subordinate Mortgage nang walang anumang pagbabago. Kung kailangan ang pagbabago upang matugunan ang mga kinakailangan ng batas ng estado, lokal, o pederal, ang mogedyi ay dapat humiling at tumanggap ng nakasulat na pag-apruba mula sa HUD sa pamamagitan ng loan servicing contractor.

Hindi-Magkakatulad na Tipan

Dapat italaga ng form ang mga talata na nagsisimula sa Talata 7 "Hindi-Magkakatulad Na Tipan." Ang anumang espesyal na wika o mga abiso na kinakailangan ng naaangkop na batas ay dapat na lumabas kasunod ng mga hindi-magkakatulad na tipan na ibinigay sa Modelo.

Mga Lagda

Maaring tanggalin ang mga linya ng saksi kung ang batas ng estado at lokal ay hindi nangangailangan ng mga saksi para sa mga sangla.

Num. Kaso sa FHA _____

PARTIAL CLAIM NA SANGLA

ANG SUBORDINATE MORTGAGE NA ITO ("Instrumento ng Seguridad") ay ibinigay noong, _____ 20 .

Ang Mogedyer ay _____

Na ang address ay _____

("Borrower"). Ang Instrumento ng Seguridad na ito ay ibinibigay sa Kalihim ng Pabahay at Pag-unlad ng Lungsod, at ang address ay 451 Seventh Street, SW, Washington, DC 20410 ("Lender").

Utang ng borrower sa Lender ang prinsipal na halagang _____ Dolyar (U.S.

\$ _____). Ang utang na ito ay pinatunayan ng kasulatan ng Borrower na may petsang parehong

petsa ng Instrumento ng Seguridad na ito ("Kasulatan"), na nagbibigay ng buong utang, kung hindi nabayaran nang mas maaga, dapat bayaran at babayaran sa _____ . Tinitiyak ng

Instrumento ng Seguridad na ito sa Lender: (a) ang pagbabayad ng utang na pinatunayan ng Kasulatan,

at lahat ng mga pag-renew, pagpapalawig at pagbabago ng Kasulatan; (b) ang pagbabayad ng lahat ng

iba pang halaga, na naisulong sa ilalim ng Talata 7 upang protektahan ang seguridad ng Instrumento

ng Seguridad na ito; at (c) ang pagganap ng mga tipan at kasunduan ng Borrower sa ilalim ng

Instrumento ng Seguridad na ito at ng Kasulatan. Para sa layuning ito, ang Borrower ay sa

pamamagitan nito ay nagsasangla, ginagarantiyahan, ipinagkakaloob at nagbibigay sa Lender, ng

kapangyarihang ibenta ang sumusunod na inilalarawang ari-arian na matatagpuan sa _____

County, [Estado]:

na may address na [Street]

[Lungsod], [Estado] [Zip Code]. ("Address ng Ari-arian");

KASAMA SA lahat ng mga gusali ngayon o sa hinaharap na itatayo sa ari-arian, at lahat ng easement, kagamitan, at fixtures ngayon o pagkatapos na bahagi ng ari-arian. Ang lahat ng kapalit at pagdaragdag ay dapat ding saklawin ng Instrumento ng Seguridad na ito. Ang lahat ng nabanggit ay tinutukoy sa Instrumento ng Seguridad na ito bilang "Ari-arian."

NAKIKIPAGTIPAN ANG BORROWER na legal na nakuha ng Borrower ang ari-arian na ibinibigay at may karapatang isangla, ipagkaloob at ihatid ang Ari-arian at na hindi nakasangla ang Ari-arian, maliban sa mga rekord ng pagsasangla. Ginagarantiyahan at ipagtatanggol ng borrower sa pangkalahatan ang titulo sa Ari-arian laban sa lahat ng mga claim at paghahabol, na napapailalim sa anumang mga pagsasangla o rekord.

Pinagsasama-sama ng INSTRUMENTO NG SEGURIDAD NA ITO ang magkakatulad na tipan para sa pambansang paggamit at mga hindi-magkakatulad na tipan na may limitadong mga pagkakaiba-iba ayon sa hurisdiksyon upang bumuo ng magkakatulad na instrumento ng seguridad na sumasaklaw sa ari-ariang lupa at gusali.

Ang Borrower at Lender ay nakipagtipan at sumang-ayon tulad ng sumusunod:

MAGKAKATULAD NA TIPAN

1. **Bayad ng Prinsipal.** Ang borrower ay magbabayad kapag dapat bayaran ang prinsipal ng utang na pinatutunayan ng Kasulatan.
2. **Hindi Na-release ang Borrower; Pagtitiis Ng Lender Hindi Waiver.** Ang pagpapalawig ng oras ng pagbabayad ng mga halagang sinisiguro ng Instrumento ng Seguridad na ito na ipinagkaloob ng Lender sa sinumang kahalili sa interes ng Borrower ay hindi dapat gumana

- upang palayain ang pananagutan ng orihinal na Borrower o kahalili ng Borrower sa interes. Ang lender ay hindi kinakailangan na simulan ang mga paglilitis laban sa sinumang kahalili sa interes o tumanggi na palawigin ang oras para sa pagbabayad o kung hindi man ay baguhin ang amortisasyon ng mga halagang sinisiguro ng Instrumento ng Seguridad na ito dahil sa anumang kahilingan na ginawa ng orihinal na Borrower o mga kahalili ng Borrower sa interes. Ang anumang pagtitiis ng Lender sa paggamit ng anumang karapatan o remedyo ay hindi dapat maging isang waiver ng o hadlang sa paggamit ng anumang karapatan o remedyo.
3. **Naka-bind ang mga Kahalili at Itinalaga; Pinagsama at Ilang Pananagutan; Mga kasamang lumagda.** Ang mga tipan at kasunduan ng Instrumento ng Seguridad na ito ay dapat na ma-bind at pakikinabangan ng mga kahalili at itinalaga ng Lender at Borrower. Ang mga tipan at kasunduan ng borrower ay dapat magkasama at kanya-kanya. Sinumang Borrower na kasamang lumagda sa Seguridad na ito Instrumento ngunit hindi isinasakatuparan ang Kasulatan: (a) ay kasamang lumagda sa Instrumento ng Seguridad na ito para lamang isangla, bigyan at ihatid ang interes ng Borrower sa Ari-arian sa ilalim ng mga tuntunin ng Instrumento ng Seguridad na ito; (b) ay hindi personal na obligadong bayaran ang mga halagang sinisiguro ng Instrumento ng Seguridad na ito; at (c) sumang-ayon na ang Lender at sinumang iba pang Borrower ay maaaring sumang-ayon na palawigin, baguhin, itigil o gumawa ng anumang mga akomodasyon patungkol sa termino ng Instrumento ng Seguridad na ito o ang Kasulatan nang wala ang pahintulot ng Borrower na iyon.
 4. **Mga Abiso.** Anumang abiso sa Borrower na ibinigay sa Instrumento ng Seguridad na ito ay dapat ibigay sa pamamagitan ng paghahatid nito o sa pamamagitan ng pagpapadala nito sa pamamagitan ng first class na koreo maliban kung ang naaangkop na batas ay nangangailangan ng paggamit ng ibang paraan. Ang abiso ay dapat idirekta sa Address ng Ari-arian o anumang iba pang address na itinalaga ng Borrower sa pamamagitan ng abiso sa Lender. Anumang abiso sa Lender ay ibibigay sa pamamagitan ng first class na koreo sa: Department of Housing and Urban Development, Attention: Single Family Notes Branch, 451 Seventh Street, SW, Washington, DC 20410 o anumang address na itinalaga ng Lender sa pamamagitan ng abiso sa Borrower. Anumang abiso na ibinigay para sa Instrumento ng Seguridad na ito ay dapat ituring na ibinigay sa Borrower o Lender kapag ibinigay tulad ng ibinigay sa talatang ito.
 5. **Namamahalang batas; Pagiging Kanya-kanya.** Ang Instrumento ng Seguridad na ito ay pamamahalaan ng Pederal na batas at ng batas ng hurisdiksyon kung saan matatagpuan ang Ari-arian. Kung sakaling ang anumang probisyon o sugnay ng Instrumento ng Seguridad na ito o ang Kasulatan ay sumasalungat sa naaangkop na batas, ang naturang salungatan ay hindi makakaapekto sa iba pang mga probisyon ng Instrumento ng Seguridad na ito o sa Kasulatan na maaaring magkabisa nang walang sumasalungat na probisyon. Sa layuning ito ang mga probisyon ng Instrumento ng Seguridad na ito at ang Kasulatan ay ipinahayag na maaaring ihiwalay.
 6. **Kopya ng Borrower.** Ang borrower ay bibigyan ng isang naaayon na kopya ng Kasulatan at ng Instrumento ng Seguridad na ito.

HINDI-MAGKAKATULAD NA TIPAN . Ang Borrower at Lender ay higit na nakipagtipan at sumang-ayon tulad ng sumusunod:

7. **Pagpapabilis; Mga remedyo.** [ilagay ang anumang kinakailangang wikang tukoy sa estado na sinusundan ng:]

Kung ang interes ng Lender sa Instrumento ng Seguridad na ito ay hawak ng Kalihim at ang Kalihim ay nangangailangan ng agarang pagbabayad nang buo sa ilalim ng Talata 4 ng Subordinate Note, maaaring gamitin ng Kalihim ang hindi panghukumang kapangyarihan ng pagbebenta na ibinigay sa Batas ng Pagreremata sa Sangla ng Solong Palmilya (Single Family Mortgage Foreclosure) ng 1994 (“Batas”) (12 U.S.C. § 3751 et seq.) sa pamamagitan ng paghiling sa komisyoner ng pagreremata na itinalaga sa ilalim ng Batas na simulan ang pagreremata at ibenta ang Ari-arian gaya ng itinatadhana sa Batas. Wala sa naunang pangungusap ang dapat mag-alis sa Kalihim ng anumang mga karapatan kung hindi man ay magagamit ng isang Lender sa ilalim ng talatang ito o naaangkop na batas.

SA PAMAMAGITAN NG PAGLAGDA SA IBABA, tinatanggap at sinasang-ayunan ng Borrower ang mga tuntuning nakapaloob sa Instrumento ng Seguridad na ito at sa alinmang (mga) rider na isinagawa ng Borrower at nakarekord dito.

Saksi:

_____ (SELYO)
Borrower

_____ (SELYO)
Borrower

Hunyo 2015